




# Tunay na Kaligayahan

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang nagpapasaya sa iyo? Bakit?
- Balikan ang panahon nang may napasaya kang tao. Ano ang ginawa mo?
- Sa palagay mo, bakit maraming tao ang nahuhumaling sa kaligayahan?

## APPLICATION

- Saan at sa ano nakasalalay ang iyong kasiyahan? Kumpletuhin ang pangungusap: "Masaya ako kung __________." Paano ito humahanay sa itinuturo sa Bibliya?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay ka nangangailangang lumago pa sa iyong seguridad? Papaano mo huhugutin mula sa Diyos ang katiyakan na ito sa pang araw-araw?
- Papaano ka lalago sa iyong pang-unawa sa iyong pagkakakilanlan kay Kristo sa linggong ito?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa kung sino Siya at kung papaanong Siya ang pinagmumulan ng ating tunay na kagalakan at buhay.
- Manalangin na hindi ka tumingin sa mga bagay-bagay, kalayawan, o sa mga tao para sa iyong ikakasiya. Magtiwala na ang iyong kasiyahan ay magmumula sa kaluguran ng Diyos.
- Hilingin sa Diyos na gawin kang may katiyakan sa Kanya at palagiang mong maipakita ang Diyos at ang Kanyang kaparaanan sa iyong pamumuhay.

VICTORY

© 2014 by VICTORY®
All rights reserved.
Permission to photocopy this material is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph

## WORD

*[10]Kinukuha ko ang lahat ng magustuhan ko. Ginawa ko ang lahat ng inakala kong makapagpapaligaya sa akin. Nasiyahan ako sa lahat ng pinaghirapan ko. Ito ang gantimpala sa lahat ng pagsusumikap ko. [11]Pero nang tingnan kong mabuti ang lahat ng ginawa at pinaghirapan ko, naisip ko na walang kabuluhan ang lahat ng pinagsikapan ko rito sa mundo.*
**MANGANGARAL 2:10,11**

---

Si Solomon ay bumigay sa bawat layaw na maaari niyang angkinin at hinabol niya ang kaligayahan. Ngunit sa bandang huli, ang kanyang naging pangwakas ay ganoon pa rin: Lahat ay walang kabuluhan. Sa totoo lang, ang kasiyahan ay 'di nagmumula sa kung ano ang meron tayo o magkano ang meron tayo, kundi sa pagpapalugod sa Diyos at pagpapasiya sa Kanya (Mangangaral 2:26). Ang ating pakay sa buhay ay hindi dapat ang ating sariling kaligayahan—kundi ang Kanyang karangalan at luwalhati. Sa aralin na ito, ating paghahambingin ang kalayawan ng kasiyahan na madaling maglaho at ang bunga na tumatagal ng pamumuhay para sa ikararangal ng Diyos.

## 1 Panandalian laban sa Pangmatagalan

*Sinubukan kong magpakasaya sa mga layaw ng buhay. Pero nakita kong wala rin itong kabuluhan.* **MANGANGARAL 2:1**

*Mas ginusto niyang makibahagi sa paghihirap na dinaranas ng mga taong sakop ng Diyos kaysa lasapin ang mga panandaliang kaligayahan na dulot ng kasalanan.* **HEBREO 11:25**

Ang kasalanan ay nagpapasaya ng panandalian lamang, ngunit hindi ito makakapaghatid ng pangmatagalang ligaya at kapayapaan. Parang lang itong paghahabol sa hangin. Ilalayo ka ng kasalanan ng mas malayo pa sa gusto mong puntahan, at pagbabayarin ka ng higit pa sa gusto mong bayaran. Gayunman, mas pinili ni Moises ang mas mahirap na landasin na naghatid sa kanya sa mga pangmatagalang gantimpala kaysa sa panandaliang layaw. Magbigay ng personal na halimbawa nang pinili mo ang panghabangbuhay na pananaw laban sa panandaliang kaligayahan.

## 2 Pagkakataon laban sa Katiyakan

*[11]. . . Sapagkat natutunan kong maging kontento anuman ang kalagayan ko. . . . [13]Kaya kong harapin ang kahit anong kalagayan sa pamamagitan ng tulong ni Kristo na nagpapatatag sa akin.*
**FILIPOS 4:11,13**

Marami sa atin ang nag-iisip na kung naiiba lang sana ang ating katayuan, baka mas sumaya tayo. Ngunit sa kabila ng lahat ng yaman, talino, at mga naabot ni Solomon, hindi nito nabago ang kawalan ng kabuluhan ng buhay kung walang Diyos. Kanyang napag-alaman pagdating niya sa tuktok ng bundok ng makamundong tagumpay na wala rito ang kanyang hinahanap. Tulad nito, ang ating kasiyahan ay hindi dahil sa ating kalagayan o mga pag-aari. Ito ay batay sa kung sino ang Diyos at ang katiyakan nito ay na kay Kristo. Sa palagay mo, *papaano kaya natuto si Pablo na maging kontento anuman ang kalagayan* niya?

## 3 Walang Katiyakan laban sa Garantisado

*[19]Ang pag-asang ito ay tulad ng angkla na nagbibigay kapanatagan sa buhay natin, dahil umaabot ito sa Pinakabanal na Lugar, [20]kung saan nauna nang pumasok si Jesus para sa atin. Siya ang punong hari natin magpakailanman, katulad ng pagkapari ni Melkizedek.*
**HEBREO 6:19,20**

Ang sakripisyo ni Jesus ang ating katiyakan at pag-asa. Sa halip ng pagkukulang ng katiyakan at kasiguraduhan, maaari tayong maging matatag, may katiyakan, at sigurado kay Kristo. Ang ating ligaya at kapayapaan ay nagmumula sa ating pagtitiwala sa Kanya lamang. Ayon sa Kawikaan 14:26, ano ang ating tinataglay kapag tayo ay may takot sa Panginoon? Ano ang isang matibay na tanggulan?